

PAMPUBLIKONG TULONG NG FEMA

Release Date: Dec 20, 2022

Pagkatapos ng isang natural na sakuna, ang mga komunidad ay nangangailangan ng tulong upang mabayaran ang kanilang mga gastos para sa pag-alis ng mga pira-pirasong basura o nasira, mga hakbang na pang-emerhensiyang proteksiyon na nagliligtas-buhay at pagpapanumbalik ng pampublikong imprastruktura. Hinihikayat din ng FEMA na protektahan ang mga nasirang pasilidad na ito mula sa mga kaganapan sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo para sa mga hakbang sa pagpapagaan sa panahon ng proseso ng pagbangon.

Pagiging Karapat-dapat para sa Pagpopondo ng Pampublikong Tulong sa Grant

Ang programa ng Pampublikong Tulong ng FEMA ay nagbibigay ng mga karagdagang gawad sa estado, tribo at lokal na pamahalaan, at ilang pribadong non-profit na organisasyon upang tulungan ang mga komunidad na mabilis na tumugon at makabangon mula sa malalaking sakuna kabilang ang Hurricane Nicole. Ang mga counties ng Brevard, Duval, Flagler, Indian River, Martin, Nassau, Palm Beach, St. Johns, St. Lucie at Volusia ay inaprubahan noong Disyembre 13, 2022, para sa Pampublikong Tulong ng FEMA, Categories A-G, na nagbibigay ng emerhensiya na trabaho at pagpapalit ng mga pasilidad na napinsala ng sakuna at pati na rin ang mga proyekto sa pag-iwas sa panganib.

Ang apat na pangunahing bahagi ng pagiging karapat-dapat ay ang *aplikante, pasilidad, trabaho at gastos.*

1. Ang isang **aplikante** ay dapat na isang estado, teritoryo, tribo, lokal na pamahalaan o pribadong nonprofit na organisasyon.
2. Ang isang **pasilidad** ay dapat isang gusali, sistema ng pampublikong gawain, kagamitan o natural na katangian.
3. Ang **trabaho** ay ikinategorya bilang alinman sa "emerhensiya" o "permanente" at dapat na kailanganin bilang resulta ng idineklarang insidente, na matatagpuan sa loob ng itinalagang lugar ng sakuna, at ito ay legal na responsibilidad ng aplikante.



FEMA

Page 1 of 3

4. Ang **gastos** ay ang pagpopondo na direktang nakatalaga sa karapat-dapat na trabaho, at dapat na sapat na dokumentado, awtorisado, kinakailangan at makatwiran. Kabilang sa mga karapat-dapat na gastos ang paggawa, kagamitan, materyales, trabaho sa kontrata, gayundin ang direkta at hindi direktang mga gastos sa pangangasiwa.

[View the full eligibility details and requirements.](#)

Pagsisimula--PORTAL NG GRANTS

Ang mga aplikante, tatanggap at sub-recipient ay mag-login sa: grantee.fema.gov.

[Process of Public Assistance](#) ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng proseso mula noong idineklara ang sakuna hanggang sa pagsasara ng grant.

[Audits, Arbitration and Appeals](#) ay isang pangkalahatang-ideya ng mga apela at proseso ng pag-audit, kabilang ang nahahanap na database ng mga tugon ng FEMA sa mga apela ng aplikante para sa tulong.

[Community Disaster Loan Program](#) ay nagbibigay ng pondo para sa mga lokal na pamahalaan upang mapatakbo ang kanilang mahahalagang serbisyo sa komunidad pagkatapos ng malaking pagkawala ng kita na dulot ng kalamidad.

[How to Apply](#) na mga video tutorials

Sinasaklaw ng pangkalahatang-ideya ng Portal ng Grants ang mga pangunahing kaalaman sa dashboard, nabigasyon at mga mapagkukunan mula sa FEMA Grants Manager.. Tingnan ang buong koleksyon ng mga video at tutorial sa [FEMA's PA Grants Portal YouTube channel](#).

[Public Assistance Policies](#) - Opisyal na patnubay, mga patakaran, mga pagbabalita at mga kaugnay na publikasyon na namamahala sa programa ay kinabibilangan ng

[Public Assistance Program & Policy Guide \(PAPPG\) FEMA's Public Assistance Program and Policy Guide](#) bersyon 4 na naaangkop sa mga emerhensiya at malalaking sakuna na idineklara noong o pagkatapos ng Hunyo 1, 2020.



FEMA

[Public Assistance Program Delivery Guide \(fema.gov\)](#) (Draft na dokumento na inilathala noong Setyembre 2022).

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Hurricane Nicole bisitahin ang [fema.gov/disaster/4680](#).

Para sa pagbangon mula sa Hurricane Ian bisitahin ang [floridadisaster.org/info](#) [fema.gov/disaster/4673](#). Follow FEMA on Twitter at [FEMA Region 4 \(@femaregion4\)](#) / Twitter at sa [facebook.com/fema](#).

###



FEMA